# KILALANIN SI CARMEN
## na Taga-Lebanon

*Kilalanin ang mga batang Primary na tumutulong sa iba, tulad ng ginawa ni Jesus.*



### Lahat ng tungkol kay Carmen



**EDAD:** 8

**MULA SA:** Syria pero naka-tira na ngayon sa Lebanon

**MGA WIKA:** Arabic, English

**MGA MITHIIN AT PANGARAP:**
1) Bisitahin ang templo.
2) Maging isang artist.
3) Magmisyon.



**PAMILYA:** Si Carmen ay may dala-wang ate at isang kuya.

MGA PAGLALARAWAN NI SVETLA RADIVOEVA



## Ang Matulunging mga Kamay ni Carmen

Si Carmen at ang kanyang ina ay nakatira sa Lebanon, pero nakatira sila dati sa Syria. Taga-Siria rin ang mga kapitbahay nila. Noong Disyembre, ginusto ni Carmen na gumawa ng kabutihan para sa kanila. Bawat araw hanggang Pasko, bumili si Carmen ng isang maliit na bagay sa tindahan. Inila-gay niya ang lahat ng iyon sa isang kahon. Pagkaraan ng 25 araw, puno na ang kahon. Sa Araw ng Pasko, dinala ni Carmen ang kahon sa mga kapitbahay niya. Ang laki ng pasasalamat nila! Sinabi ni Carmen na ang kanyang paglilingkod ay nagpaalala sa kan-ya ng paglilingkod na ibinigay ni Jesucristo. "Kapag nagpapakita tayo ng pagmamahal sa iba," sabi ni Carmen, "nadarama natin ang pagmamahal ng Diyos."



**Tinutularan ni Carmen si Jesus sa pagtulong sa kanyang mga kapitbahay. Buklatin ang pahina para mabasa ang isang kuwento kung paano tayo tinuruan ni Jesus na mahalin ang ating kapwa.**

### Mga Paborito ni Carmen




**KUWENTO TUNGKOL KAY JESUS:** Nang lumakad si Jesus sa ibabaw ng tubig



**LUGAR:** Tabing-dagat



**PAGKAIN:** Noodles, mga ice-cream sundae



**AWIT SA PRIMARY:** "Ako ay Mahal ng Ama sa Langit" (*Aklat ng mga Awit Pambata,* 16–17)



**SUBJECT SA PAARALAN:** Science

**KULAY:** Light purple

### Sumali sa Grupo ng Matulunging mga Kamay!



Kapag naglilingkod ka sa iba, ikaw ay bahagi ng Grupo ng Matulunging mga Kamay! Sino ang maaari mong paglingkuran?